Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
Provincial Environment and Natural Resources Office

DENR MIMAROPA RECORDS SECTION
RECEIVED
21 OCT 2022
INCOMING ☐ OUTGOING
DATS NO.

October 18, 2022

**MEMORANDUM**

| | | |
|---|---|---|
| **FOR** | : | The Regional Executive Director<br>MIMAROPA Region |
| **THRU** | : | The ARD for Technical Services |
| **FROM** | : | The In-charge, PENR Officer<br>Oriental Mindoro |
| **SUBJECT** | : | **ENDORSEMENT OF THE MINUTES OF THE MEETING OF NAUJAN LAKE NATIONAL PARK – PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (NLNP-PAMB) COMMITTEE MEETINGS** |

Forwarded are the minutes of the Naujan Lake National Park – Protected Area Management Board (NLNP-PAMB) Committee Meetings on September 9 and 21, 2022, via teleconferencing using Zoom application.

Attached herewith are the pertinent documents, for the approval of the Regional Executive Director.

For information and record.

**TSD CHIEF ALMA E. GIBE**

DENRPENR02210000067

PENRO Tracking No. 2210000395
TSD/CDS/bf

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**Community Environment and Natural Resources Office**

October 13, 2022

DENR-MIMAROPA REGION
PROVINCIAL ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE
ORIENTAL MINDORO
PENRO TRACKING NO.
RECEIVED BY:
DATE: OCT 18 2022
TIME:

**MEMORANDUM**

**FOR** : The Regional Executive Director

**THRU** : The In-Charge, PENR Officer

**FROM** : The CENR Officer

**SUBJECT** : **ENDORSEMENT OF MINUTES OF THE MEETING OF NAUJAN LAKE NATIONAL PARK-PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (NLNP-PAMB) COMMITTEE ZOOM MEETINGS**

Respectfully endorsing the minutes of the meeting of Naujan Lake National Park-Protected Area Management Board (NLNP-PAMB) Committee Meetings on September 9, 2022 and September 21, 2022 via Teleconferencing using Zoom Application at Protected Area Management Office, DENR-CENRO Socorro, Oriental Mindoro.

Relative thereto, hereunder are the agenda discussed during the said activity.

| AGENDA | AGREEMENT |
|---|---|
| • MBCFI Update: MBCC Project and Resolution to collect specimen based on issued Gratuitous Permit (September 9, 2022) | MGDH-I Raquelita Umali recommended to support the said project and endorsed to PAMB for a resolution and seconded by Ms. Marilyn Alcañices, Chairperson of Biodiversity Conservation and Monitoring Committee |
| • Presentation about the proposed Naujan Lake Wetland Center by Dr. Dhon Stephenson Calda, Provincial Tourism Officer of Oriental Mindoro (September 21, 2022) | Ms. Grace C. Diamante of MBCFI recommended to support the concept and endorsed the project and seconded by Ms. Rachel B. Montero of DOST. |
| • Presentation of Bachelor of Science in Information System (BSIS) students of City College of Calapan of concept regarding the creation of website/ system entitled, "Naujan Lake National Park Fishing Permit Monitoring System" (September 21, 2022) | Ms. Grace C. Diamante of MBCFI recommended the said proposal endorsing to PAMB although this is not their final design and expecting to a more comprehensive presentation on the next meeting and seconded by Ms. Rachel B. Montero of DOST. |

For information and consideration.

**RODEL M. BOYLES**

PENRO



# KATITIKAN NG PAGPUPULONG
## (*NLNP-PAMB Committee Zoom Meeting*)

Petsa: September 9, 2022
Lugar: Teleconference via Zoom Application

**Mga Dumalo:**

**Committee on Biodiversity Conservation and Monitoring**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | MARILYN M. ALCAÑICES | - | Committee Chairperson<br>PAgO-Fishery Sector, Calapan City |
| 2. | GRACE C. DIAMANTE | - | Member<br>Executive Director, MBCFI |
| 3. | CAROLINE G. MANUEL | - | Committee Chairperson<br>MPDC, LGU Victoria |
| 4. | RAQUELITA M. UMALI | - | Member<br>MGDH-I, LGU-Naujan |
| 5. | RACHEL B. MONTERO | - | Member<br>SRS II, DOST |

**Committee on Ecotourism Development**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 6. | CAROLINE G. MANUEL | - | Committee Chairperson<br>MPDC, LGU Victoria |
| 7. | GRACE C. DIAMANTE | - | Member<br>Executive Director, MBCFI |
| 8. | RACHEL B. MONTERO | - | Member<br>SRS II, DOST |

**Mga Panauhin:**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | KATHY LENE B. CIELO | - | Manager, MBCC (MBCFI) |
| 2. | AMOR D. ASI | - | PENRO Oriental Mindoro |
| 3. | DEAN MOLINA | - | DENR MIMAROPA Region |
| 4. | JOSE MARIA M. FONTANILLA | - | ECOMS I/ APASu, NLNP |

**PAGPUPULONG**

Nagsimula ang pagpupulong sa ganap na ika-9:52 ng umaga. Kinilala ni APASu Jose Maria Fontanilla ang mga nagsipagdalo at kanilang mga komitiba. Gayundin ang mga panauhin

na sina Bb. Kathy Lene B. Cielo, MBCC Manager mula sa MBCFI, G. Dean Molina ng DENR MIMAROPA Region at Bb. Amor D. Asi mula sa PENRO. At sa huli ay ang pagbati sa mga PAMB Members na nagsipagdalo sa umagang iyon.

Binuksan ni APASu Fontanilla ang nominasyon para sa magiging tagapanguna ng pagpupulong at pinahayag na may korum ang mga miyembro ng komite. Iminungkahi ni Bb. Marilyn Alcañices ng PAgO Fishery Sector si MPDC Caroline G. Manuel ng LGU Victoria na pinangalawahan ni MGDH-I Raquelita M. Umali ng LGU-Naujan.

**Meeting Agenda**

**Presentation about the proposed Naujan Lake Wetland Center by Dr. Dhon Stephenson Calda, Provincial Tourism Officer of Oriental Mindoro**

Ayon kay G. Jose Maria M. Fontanilla ay hindi makakapagpresenta sa oras na iyon si Dr. Dhon Stephenson Calda, ang Provincial Tourism Officer ng Oriental Mindoro. Minarapat naman ni G. Fontanilla na maipresenta nila ang *Proposed Naujan Lake Wetland Center* batay sa isinumite nilang kopya sa PAMO ngunit hindi ito pinayagan ng tagapanguna bagkus hiling nila ay ang proponent mismo ang magpresenta nito. Kaya't ipinagpaliban muna ni MPDC Manuel ang usapin tungkol dito bilang tagapanguna ng pagpupulong sa umagang iyon, na sinang-ayunan ng karamihan.

**MBCFI Update: MBCC Project and Resolution to collect specimen based on issued Gratuitous Permit**

Ibinihagi ni Bb. Kathy Lene B. Cielo, MBCC Manager ng MBCFI ang konsepto ng kanilang proyekto na kung saan aang pangunahing layunin ng kanyang presentasyon ay ang ipabatid sa PAMB ang estado ng konstruksyon nito at ng magiging *museum* sa loob nito. Ilan sa mga sumusunod ang *Musuem Overview*:

- *"Philippines: World's Greatest Center of Biodiversity and Endemism"*
- *"Mindoro: A Unique Treasure Island of the Philippines"*
- *"Indigenous People of Mindoro: Culture, Tradition and Arts"* at
- *"Discovering Mindoro's Wildlife"*

Dahil dito, nais niyang mag-aplay ng *Wildlife Gratuitous Permit* para sa *museum collections*. Gayundin, ang kapahintulutan ng PAMB sa pamamagitan ng isang resolusyon na naglalayong mangolekta ng mga *specimen* sa loob ng Naujan Lake National Park para sa nasabing musuem. Naitanong naman ni Bb. Alcañices kung anong uri ba ng hayop at halaman ang kanilang nais kolektahin na sinagot ni Bb. Cielo na wala pa silang tukoy sa ngayon. Iminungkahi naman ni Gng. Umali na maaari silang bumisita kung sakali ang NLNP-PAMB sa proyekto na ito. Ngunit hindi muna ito sinang-ayunan ni Bb. Diamante sa ngayon, dahil sa hindi pa tapos at marami pang pagawain sa lugar. Dagdag naman ni Bb. Montero na kailangan rin nila ang pag-*secure* ng permit mula sa DA-BFAR. Iminungkahi naman ni Gng. Umali ang rekomendasyon upang suportahan ang nasabing proyekto at upang ma-endorso ito sa PAMB para sa isang resolusyon na pinangalawahan ni Bb. Alcañices.

Natapos ang pagpupulong sa ganap na ika-11:22 ng umaga sa pamamagitan ng mungkahi ni MGDH-I Raquelita Umali ng LGU Naujan na pinangalawahan ni Bb. Grace C. Diamante ng MBCFI.

Inihanda ni:

**RICARDO R. NATIVIDAD**
PASu, NLNP/PAMB Secretariat

Pinatunayan ni:

**CAROLINE G. MANUEL**
Tagapanguna/Committee Chairperson,
Ecotourism Development

Pinagtibay ni:

**LORMELYN E. CLAUDIO, *CESO IV***
Regional Executive Director/PAMB Chairperson

Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES**
**NAUJAN LAKE NATIONAL PARK**
Protected Area Management Board
Oriental Mindoro

## KATITIKAN NG PAGPUPULONG
## *(NLNP-PAMB Committee Zoom Meeting)*

Petsa: September 21, 2022
Lugar: Teleconference via Zoom Application

**Mga Dumalo:**

**Committee on Biodiversity Conservation and Monitoring**

1. MARILYN M. ALCAÑICES - Committee Chairperson
   PAgO-Fishery Sector, Calapan City
2. GRACE C. DIAMANTE - Member
   Executive Director, MBCFI
3. RAQUELITA M. UMALI - Member
   MGDH-I, LGU-Naujan
4. ATTY. MANUEL P. DELICA - Member
   MPDC, LGU-Socorro
5. RACHEL B. MONTERO - Member
   SRS II, DOST

**Committee on Ecotourism Development**

6. GRACE C. DIAMANTE - Member
   Executive Director, MBCFI
7. LYDIA MUÑECA S. MELGAR - Member
   PPDO, Calapan City
8. RACHEL B. MONTERO - Member
   SRS II, DOST

**Mga Panauhin:**

1. DR. DHON STEPHENSON CALDA- Provincial Tourism Officer, PGOM
2. RUDOLF L. MAZON - BSIS Student, City College of Calapan
3. MARY GRACE T. RAMOS - BSIS Student, City College of Calapan
4. REZZIE JANE M. LOPEZ - BSIS Student, City College of Calapan
5. PRECIOUS C. EVANGELISTA - BSIS Student, City College of Calapan
6. BEA NATASHA A. FORTU - FORESTER I, PENRO
7. JOSE MARIA M. FONTANILLA - ECOMS I/ APASu, NLNP
8. MACKALEY P. MARTINEZ - Forester I, CENRO Socorro
9. DEAN MOLINA - DENR MIMAROPA Region

**PAGPUPULONG**

Nagsimula ang pagpupulong sa ganap na ika-10:45 ng umaga. Kinilala ni APASu Jose Maria Fontanilla ang mga nagsipagdalo at kanilang mga komitiba. Gayundin si G. Dhon Stephenson Calda para sa presentasyon tungkol sa Naujan Lake Wetland Center, ang mga estudyante mula sa City College of Calapan para sa pagbahagi ng kanilang Capstone Project, G. Dean Molina ng DENR MIMAROPA Region at Bb. Bea Fortu mula sa PENRO. At sa huli ay ang pagbati sa mga PAMB Mmebers na nagsipagdalo sa umagang iyon.

Binuksan ni APASu Fontanilla ang nominasyon para sa magiging tagapanguna ng pagpupulong at pinahayag na may korum ang mga miyembro ng komite. Iminungkahi ni Bb. Grace Diamante ng MBCFI si Bb. Marilyn Alcañices ng PAgO Fishery Section na pinangalawahan ni Bb. Rachel Montero.

**Meeting Agenda**

**Presentation about the proposed Naujan Lake Wetland Center by Dr. Dhon Stephenson Calda, Provincial Tourism Officer of Oriental Mindoro**

Ibinahagi ni G. Dhon Calda na ang *project proposal* na ito ay nauna na nilang ibinahagi sa NLNP-PAMB Executive Committee Meeting noong July 28, 2021 sa Vencio's Hotel Garden & Restaurant sa Calapan City. Iprinisenta ni G. Calda sa pamamagitan ng powerpoint presentation ang mga nakapaloob sa kanilang proyekto:

- Background/Rationale
- Project Goal and Objectives
- Location (Happy Valley, Socorro – 5.5 has property)
- Facilities (View Deck, Biodiversity Exhibit, Offices and Conference Room, Multimedia Room and Green Restrooms)
- Project Duration
- Potential Risks
- Budgetary
- Involved Groups

Matapos ang pagpapakita ng kanilang mungkahing proyekto ay itinanong ng tagapanguna na si Bb. Alcañices sa mga nais magbigay ng suhestiyon o puna sa nasabing presentasyon. Mula kay Gng. Rachel Montero ng DOST ay nais niyang maidagdag sa bahagi ng Green Restrooms upang makumpleto ay ang Water Treatment Facility. Mga posibleng teknolohiya para hindi makasira o makaapekto sa ganda ng kanilang proyekto. Ipinakita muli ang mapa para sa lugar ng kanilang proyekto kung saan ay may kataasan ang tayo nito. May katanungan naman mula kay Bb. Diamante na gusto niyang malaman ang *agreement* ng PGOM at Ex-Cong. Valencia na naunang binanggit ni G. Calda. Ito ay ang *Deed of Donation* na suhestiyon ng legal office at *Disagreement with Zero Payment*. Dahil nga ito ay *titled property under Ex-Cong. Valencia*, dapat ay mayroon silang instrumento o dokumentong hawak sa pagitan ni Cong. Valencia at PGOM. Ito ay mahalaga para sa kanilang proyekto, kahit na ito ay aprubado ng RDC, PDC, kumpleto sa mga requirements at budget pero hindi mai-finalize ang titulo sa may-ari ng lupa ay baka mabalewala ung *investment* ng PGOM ayon kay Bb. Diamante. Ang ikalawang puna, sa presentasyon ni G. Calda ay 5.5 hectares ngunit sa resolusyon na may RDC approval ang nakasaad lamang ay 2.5 hectares ang naaprubahan ay

hindi tugma. Ayon kay G. Calda ay ang minimum requirement lamang ay 2.5 hectares. At ikatlo, out of 5.5 hectares ay *full development* po ba ng area na may *structure* o may bahagi lamang sa 2.5 hectares. Sinagot ni G. Calda na ang buong proyekto ay may 55, 000 sq.meters kasama ang iba pang proyekto pero hindi ito kasama sa kanilang proposal sa PGOM. Dagdag na tanong ni Bb. Diamante na ito dapat ay may ECC hindi lamang sa *Wetland Center* pero sa buong *development*. Ayon sa kanya, hindi ito mapoproseso ng DENR ng hindi yung buong proyekto na nakasaad sa proposal kaya dapat ay masabihan ang PGOM tungkol dito. Ikaapat na puna mula pa rin kay Bb. Diamante, gusto niyang malaman kung paano ang pamamahala nito bagaman ito ay nasa loob ng *protected area* at kung sakaling maaprubahan ng PAMB ay dapat na mag aplay pa rin ito ng *SAPA (Special Use Agreement in Protected Areas)*. Dagdag pa niya, paano rin ito makakatulong sa ibang karatig bayan na nasa loob ng Naujan Lake kung sakali ito ay maitayo na? Maaaring ito rin ang maging katanungan ng apat na munisipyo na nakapaloob sa Naujan Lake. Kailangan ay aprubado ang konsepto at inaasahan ni Bb. Diamante na makapaghain pa rin ng *final design* na wala itong magiging epekto sa lawa, kailangan ay siguruhin bagaman nabanggit kanina ni Bb. Montero na mataas naman ang tayo nito. Tinanong ni Bb. Diamante na sa ngayon ay ang konsepto pa lamang ang kanilang hinihingi upang maiendorso ng PAMB upang ito ay maaprubahan ng Provincial Government. Ngunit, bago ito itayo ay kailangan muling magpresenta ng *final design* ng *center* at *secured permits* bago pa man ang konstruksyon nito. Sinagot ni G. Calda ang mga naging puna ni Bb. Diamante, na ang hinihingi nila muna ay maiendorso ng PAMB ang konsepto ng proyekto para maaprubahan ng PGOM. Sinabi niya na lahat ng kailangan nilang daanan na proseso para sa mga kailangang isumite ay kanila namang gagawin para sa proyekto. Sa bahagi naman ng magiging benepisyo nito kung sakali maitayo ang proyekto ay mayroon silang "*One Town One Legacy Approach*" na tinatawag kung saan ay bayan lamang ng Socorro ang nag-propose na itatayo ang *Naujan Lake Wetland Center*. Ang ibang karatig bayan na nasa loob ng Naujan Lake ay magkakaroon rin ng ibang proyekto para sa kanila. Katulad na lamang para sa bayan ng Victoria ay nakalinya ang isang proyekto na *Provincial Agriculture Center* sa ilalim ng PAGO kung saan ang makikinabang ay mamamayan ng Victoria. Dagdag pa niya, sa magiging kita naman ng *Wetland Center*, ito ay hindi "*resource generating activity*" ay mapupunta muna sa *maintenance expenses* ng proyekto.

Matapos masagot ni G. Calda ang mga katanungan ni Bb. Diamante, nais rin nito makita ang *sustainability* ng *allocation* ng pondo ng proyekto at *feasibility study* nito. Ayon naman kay G. Calda ay sinigurado nila na may *program integration* at mayroon silang *Control Affairs Division* na mag-manage ng proyekto. Sa huli ay binigyan ng *advice* ni Bb. Diamante si G. Calda patungkol sa *community acceptance*, kung kinonsidera ba nila ang ibang lugar na pwedeng pagtayuan ng proyekto. Isa rin nila dapat ikonsidera ay ang *life span* ng proyekto kung sakali ay saan ba ito mapupunta pagdating ng ilang taon at maiba ang namamahala nito. Katulad ng naunang sinabi ni G. Calda, may kanya-kanyang nakalinyang proyekto para sa mga *lakeshore municipalities* na isa rin ang bayan ng Naujan para sa proyektong *Sports Complex*. Ang bayan naman ng Pola ay *Heritage Center* o *Heritage Complex* para sa development ng *heritage houses* at *heritage plaza* sa kanilang bayan. Sa huli ay nagbigay si Bb. Diamante ng kanyang mga naging suhestiyon at paalala para sa pagkuha ng permit sa DENR at reforestation ng area na naging kaniyang basehan ng mga puna. Hinangaan niya ang ganda ng konsepto ng proyekto kaya't iminungkahi niya ang pag-endorso ng konsepto at suporta para sa proyektong *Naujan Lake Wetland Center* na pinangalawahan ni Bb. Rachel Montero ng DOST.

**Presentation of Bachelor of Science in Information System (BSIS) students of City College of Calapan of concept regarding the creation of website/ system entitled, "Naujan Lake National Park Fishing Permit Monitoring System"**

Ibinihagi ni APASu Jose Maria M. Fontanilla na ang presentasyon ay isang *proposed capstone project* ng mga mag-aaral (3rd and 4th year) mula sa BSIS (Bachelor of Science in Information System) ng City College of Calapan para sa *fishing permit system* na maaring gamitin sa *boat registration process.*

Ang kanilang grupo ay binubuo nina G. Rudolf L. Mazon, Bb. Mary Grace T. Ramos, Bb. Rezzie Jane M. Lopez at Bb. Precious C. Evangelista, kapwa mga BSIS Students. Ang proyekto ay iprinesenta ni G. Mazon sa pamamagitan ng *powerpoint presentation* na pinamagatang *"NLNP PAMO Online Permit and Membership Monitoring and Database System".* Ayon kay G. Mazon ay hindi pa ito ang kabuuan ng proposal pero nakasaad na rin ang mga mahahalagang *objectives* ng proyekto. Naghanap sila ng maaari nilang paggamitan nito at napili nga nila ang Protected Area Management Office ng NLNP sa pakikipanayam nito kay APASu Fontanilla. Sa kanilang pag-uusap ay nakapag-draft sila ng proyekto batay sa proseso ng pagrerehistro ng mga *fisherfolks* at *renewal* ng mga ito. Ang *website* o *system* na nabuo ay gagamitin sa aplikasyon ng rehistro at renewal ng permit. Nakapaloob dito ang lahat ng impormasyon na kailangan na maaaring baguhin o palitan ang mga *data* ng *website user* o *Admin* ng *system* mula sa PAMO. Maaari rin itong i-*print* kasama ang mga IDs at *membership forms.* Ang kasalukuyang pagproseso ng rehistro ay mano-mano na ginagawa ng IPAF Collecting Officer Rhona Carle-Liwag mula sa PAMO na kabilang ang pagrehistro at pag-renew ng mga mangingisda. Sa proyekto nila, kung gagamitin ang *database* na kanilang binuo ito ay makakagaan sa paghanap ng mga rekord ng mangingisda kung sakali na ito ay mag-renew o may kinakailangan sa mga *data* nito. Kasama na rin dito ang mga IDs na maaring iprint na lamang at hindi katulad ng ginagamit ngayon ng PAMO. Ibinahagi rin ni G. Mazon ang mga Users ng Website:

- Website Administrator (NLNP-PAMO Personnel)
- Users with Special Access (Authorized Personnel of DENR)
- Users with Limited Access (Fisherfolks/members)

Sa huli ay ipinakita niya ang *Admin Dashboard Page* kung saan maa-access at maima-manage ang *account* at halimbawa nito. Sa *Homepage* naman makikita ang lahat ng maaaring puntahan kung ano ang kailangan ng nasabing *user*. Makikita ang lahat ng inirehistro at picture ng bawat aplikante na ini-encode sa *system.* Matapos ang presentasyon, itinanong ni Bb. Alcañices kung may nais magbigay ng puna o suhestiyon sa nasabing proyekto. Nagbigay ng kaniyang pasasalamat si Bb. Diamante sa presentasyon ng *proposal* at pagpili sa Naujan Lake para maging *systematized* ang *registration* ng *fisherfolks.* Ang kaniyang tanong ay kung ano ba ang kanilang proyekto, *website* o anong *system*? Sinagot ni G. Mazon na *system* ang kanilang *proposal* pero ang *platform* ay *webpage* o *website.* Tinanong ni Bb. Diamante kung mayroon na bang *website* ang PAMO para dito, na sinagot ni APASu Fontanilla na wala pa. Naiintindihan naman ni Bb. Diamante na *integration* pa lamang ang *thesis* para sa *website* pero hindi ang paggawa ng *website* dahil kung sakali na bubuo na ay madugong proseso na kailangan ng *content, forms* at iba pa, pero kung *integration* lamang ay madali ito. Sa kaniyang palagay, baka tapos na ang *deadline* ay hindi pa ito nagagawa. Kung *system* naman para sa *permitting,* para sa *common users* hindi sila pupunta duon at mas sigurado pa na *FB page* na lamang ang gawin at mas simple. Dagdag pa ni Bb. Diamante na kung i-link na lamang nila sa FB page na mas madaling mai-adapt ng tao at duon nila ipasok ang system nila. Doon nila ipapasok ang *forms* at iba pang nais nila para sa *project proposal* nila. Tinanong rin ni Bb.

Diamante, Kapag ba *expired* na ang *permittee* ay kusa siyang magre-*red* kung kailangan na nilang magrenew ulit? Dapat ay i-integrate na rin ng *system* na gagawin nila G. Mazon ayon kay Bb. Diamante upang mas madali ito para sa lahat hindi lamang sa PAMO. Dagdag na tanong ni Bb. Diamante kung *fishing permit* lang ba ang aplikasyon na kinukuha ni PAMO o may iba pa? Para maikonsidera nila G. Mazon sa system ang iba pa na kinukuha para maging *integrated* na. Sinabi ni G. Fontanilla na *fishing permit* o *resource users fee* pa lamang ang napepermitan na mga may bangkang de sagwan at de motor. Kung sakali ay mahirap itong ma-access ng mga mangingisda ayon kay Bb. Alcañices lalo na kung wala naman silang mga *signal* sa kanilang lugar. Tanong naman ni Gng. Rachel Montero ng DOST, kung sakali at ayos na ang *system*, may iba pa bang pagpapasahan nito dahil kailangan nila mag-aplay ng ID at magkaroon ng posting nito. Kailangan ay maging *user-friendly* ito at madali para sa mga *fisherfolks* ang pamamaraan na ito. Sa huli ay tinanong ni Bb. Alcañices kung ang mga *data* ba ay galing sa PAMB o PAMO para sa proyekto na ito, na sinagot ni APASu Fontanilla na kung sakali nga na tayo ang mapili ay mapahintulutan na mabigyan sila ng mga kailangang *data* para dito. Kaya't iminungkahi ni Bb. Grace C. Diamante ng MBCFI na bagaman hindi ito ang *final design* sa kanilang proyekto, ay iniendorso niya sa PAMB ang pagpayag sa nasabing *proposal* pero umaasa siya na maipresenta ang mga nabanggit na kakulangan sa susunod nilang presentasyon. Ang mungkahi ay pinangalawahan ni Bb. Rachel B. Montero ng DOST.

Natapos ang pagpupulong sa ganap na ika-11:22 ng umaga sa pamamagitan ng mungkahi ni MGDH-I Raquelita Umali ng LGU Naujan na pinangalawahan ni Bb. Rachel B. Montero ng DOST.

Inihanda ni:

**RICARDO R. NATIVIDAD**
PASu, NLNP/PAMB Secretariat

Pinatunayan ni:


**MARILYN M. ALCAÑICES**
Tagapanguna/Committee Chairperson,
Biodiversity Conservation and Monitoring


Pinagtibay ni:


**LORMELYN E. CLAUDIO, *CESO IV***
Regional Executive Director/PAMB Chairperson

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
**MIMAROPA Region**
Community Environment and Natural Resources Office

PHOTOS DURING THE CONDUCT OF NLNP-PAMB COMMITTEE ZOOM MEETING AT
DENR CENRO SOCORRO – PROTECTED AREA MANAGEMENT OFFICE,
PASI II, SOCORRO, ORIENTAL MINDORO
SEPTEMBER 21, 2022




Pasi II, Socorro, Oriental Mindoro
Email: cenrosocorro@gmail.com

PHOTOS DURING THE CONDUCT OF NLNP-PAMB COMMITTEE ZOOM MEETING AT DENR CENRO SOCORRO – PROTECTED AREA MANAGEMENT OFFICE, PASI II, SOCORRO, ORIENTAL MINDORO
SEPTEMBER 21, 2022

